ANG KAPALARAN NG DAIGDIG

Inihayag ni Propeta Daniel

"May isang Dios sa langit na naghahayag ng mga lihim, at Siyang nagpapa-aninaw kung ano ang mangyayari sa mga huling araw" – Daniel 2:28

Ang daigdig Na Mamanahin ng Iyong Anak

Lahat na mag-aaral na lalake at babae ay kailangang labis na mabalisa sa mga nagbabantang matangay ng agos ng mga kalagayan ng kasalukuyang daigdig.

Hindi naming gustong sabihin na sa pangdaigdig na mga kaugnayan lamang, nguni't sa matarik na dalisdis o pagbaba ng mga kabutihang asal na humuhubog sa panglipunang kapaligiran kung saan tayo at ang ating mga anak ay nabubuhay.

Ang kasalukuyang kalagayan ng mga pangyayari ay unti-unting naaakit ng daigdig upang ang buong lawak o saklaw ng pagkasira ay higit sa lahat ay pinabayaang umiral; nguni't kung tayo ay nasa isang katayuan upang ihambing ang mga kalagayan noong apat-na-pung (40) taong nakalipas sa mga kalagayan sa ngayon, ating mapapansin kaagad kung paano biglang-bigla ang pagbaba (ng moral). Pag-aralan ang mga pangyayaring ito:

- Sa kasalukuyan ang krimen ay dumarami ng napaka-bilis kaya ito ay hindi na maaaring mapigil ng mabisa, at ang problema ay panay ang paglaki.
- Kahit na hindi magkakatulad ang kasaganaan (ng bawat bansa), ang kawalang kasiyahan ay laganap, pagpapatiwakal ay dumarami, at sa Estados Unidos (Amerika) ito ay nangyayari sa bawat 27 minutos, samantalang apat ang nagtatangkang magpatiwakal na di nagtagumpay ang nangyayari sa gayon ding oras.
- Sa bawat bansa, umabot sa bagong talaan ang karahasang nangyayari sa lansangan, maraming tao ang namamatay sa sakuna kaysa digmaan.
- Lubos na di pagkakasundo o walang pagkakaisa ang makikita sa pambasang pamumuhay, kaya ang America ay walang magagawa sa pagitan ng puti at mga may kulay, at ang karahasan ay patuloy na puputok sa lahat ng bahagi ng daigdig.
- Kahalayan, kalaswaan, kapabayaan, sugapa sa gamot ay parami ng parami. Sa nakakarami, ang kasagraduhan ng kasal ay hindi na iginagalang; karaniwan na ang mga pagsasamang sexual bago pakasal, at ang masasamang babasahin o literature ay lantaran na humihikayat sa pagpapababa ng mabuting asal.
- Sa ganitong panahon ng mga tagapayo sa kasal, mga Sikologo (Psychologist), mga tagapag-akay na klinika o dispensaryo, at matapat na pagtuturo tungkol sa kasarian – diborsyo o paghihiwalay, pag-aasawang walang kaligayahan, kapabayaan sa mga bata, at mga anak sa labas ay kailanman ay hindi tumataas ng ganito!
- Disiplina ay nasira sa paghina ng pamumuhay ng pamilya, samahan ng mag-anak, kaya ang kabataang mag-aaral ay napapamahalaan ng pangkat ng magugulong nag-iisterika (hysteria) na ipinakikita sa pagitan ng ligalig at karahasan. Kahit ang mga Unibersidad na pinaka-sentro ng karunungan, ay mga kilala sa kanilang walang kadisiplinahan.
- Pandaigdig na kabutihang asal ay nasa isang malabis at kalungkot-lungkot na katayuan. Malupit na karahasan ng sandata ang ginagamit upang manakot; ang mga tao ay binaril ng walang habag, pananakot ay halos naging isang kalakaran na ng buhay.
- Sa panahong ito sa biglaang pagtaas ng halaga ng bilihin, ang pinaka murang paninda ay mismong buhay ng tao.
- Sa pagdami ng mamamayan sa daigdig, lalong-lalo na sa mga bansang nasa Silangan, ito ay tinatayang 50 taon, tag-gutom ay magiging laganap at isang napakalaking labanan ang sisiklab upang pag-agawan at makontrol ang mga masasakang lupain ng sansinukob.
- At sa ibabaw ng mundong ito ng mga hibang na kapootan ay umaaligid ang maitim, na nagbabantang ulap ng digmaang Nuclear.

Ano Ang Nararapat na Gawin?

Ang nasa itaas ay isang maikli ngunit sumasaklaw na ulat ng daigdig na mamanahin ng iyong anak.. Bukod dito, may isang pansariling suliranin.

Lahat tayo ay may sakit na wala nang lunas na sa isang araw ay magdadala sa atin sa ating libingan: ito ay ang kinatatakutang sakit ng kamatayan. Ang tao ay humahanap sa pamamagitan ng makasiyensang pananaliksik upang mapaglabanan ito ngunit wala siyang nagawang pagsulong sa bagay na ito. Kahit ang pag-unlad ng karunungan sa pag-oopera ay nagawa na, ang sakit na kasalukuyan na umaatake ng sangkatauhan ay lalang–lala na at kakila-kilabot kaysa noong una pa. Sakit sa puso, canser, kakulangan ng dugo, ay ilan sa mga matinding karamdaman na sa kasalukuyan ay dumadami, at wari'y humahamon sa tao sa lahat ng kaniyang karunungan.

Ang tanging pag-asa mo ay ang pagliligtas na inihandog ni JesuCristo sa pamamagitan ng isang pangkatawang pagsasauli sa dati buhat sa patay hanggang sa buhay na walang hanggan.

Ang tanging pag-asa para sa iyong anak ay karunungan sa Biblia o Banal na Kasulatan na makatutulong sa kanya upang harapin ang mga paghamon at mga tindi na walang salang kaniyang makakatagpo sa daigdig samantalang siya ay lumalaki.

Sa ibang pananalita, upang labanan ang mga karahasan na pumapaligid sa atin at nagbabantang puksain tayo, kailangan tayo ay bumaling o umasa sa Banal na Kasulatan (Biblia).

Maaaring gawin natin ito nang buong pagtitiwala upang isakatuparan ang hula ng Banal na Kasulatan sa panahon natin at kung ano ang ipinahayag nito na ating masasaksihan na talagang darating at lilipas.

Mga Hula Nagaganap Ngayon

Pumili ka lamang ng dalawang hula na ipinahayag ng Panginoong Jesus at iparis ang mga iyan sa mga kalagayan sa kasalukuyan na alam na alam nating lahat na nangyayari na.

Kaniyang sinabi na "kung paano ang mga araw ni Noe , gayon din naman ang pagparito ng Anak ng Tao." (Mat. 24:37-39). Ang rekord ng Genesis Kap. 6 ay nagbunyag na ng mga araw ni Noe ay bantog sa pagbaba ng kalinisang asal (v.2-3), laganap na kasamaan (v.5) pandaigdig na karahasang (v.11) katiwalian sa banal na patakaran (v.12) at ang malamang na mangyayari isang pinakamalaking panganib (crisis) na magwawasak ng Kabihasnan o Sibilisasyon.

Ano ang mga kalagayan ngayon?

Katulad ng mga yaon nangyari noong mga araw ni Noe!

Minsan pa ay sinabi ni Kristo:" Gayon din naman kung paano nangyari sa mga kaarawan ni Lot (sa Sodoma)…gayon din naman ang mangyayari sa araw na ang Anak ng tao ay mahahayag (Lukas 17:28-30).

Ngayon, sa isang antas na di pa nangyayari sa kasaysayan – ang kasakiman, kalupitan, makahayop at mga katutubong ugaling kriminal ay tumataas - - ang kasaysayan ng Sodom ay muling nauulit, kahit na ang pagsasama ng parehong kasarian (homosexuality) ay ginagawang legal at ang daigdig ay sumusulong patungo sa isang kakilakilabot na panganib na lalamunin ang kabihasnan, katulad sa ginawa noon sa Sodom.

Ang kasalanan ng Sodom ay hindi lamang kahalayan: subalit ang panlahat na kilos ay patungo doon; ito ay masama na walang pagkahiya o anomang tangka upang takpan ito (Isa.3:9). Ang mga tao ay lantad na tumutulong sa masasama sa paglaban sa mga makatarungan (Jer. 23:14), katulad ng nangyayari sa ngayon. Ang mga mamamayan ng Sodom ay ipinakita ang "kapalaluan" sanhi ng "kasaganaan ng pagkain at ng pagsasa sa katamaran"(Ezek. 16:49).

Sa panahong ito ng makasensiyang pag-unlad, laganap na kasaganaan at ang umiikling linguhan pagtatrabaho, ang daigdig ay dumaranas ng katulad ng mga kalagayan nangyari noon sa Sodom.

Mabuti ay tayo'y magtanong, Ano kayang kamalian ang nangyayari sa daigdig? Upang pakinabangan ang kasagutan dapat tayo ay bumaling sa hula ng Santong Kasulatan (Biblia).

Balangkas Sa Kasaysayan Ng Daigdig

Ang layunin ng Dios tungkol sa daigdig, ay maliwanag na inihayag sa isang kapansinpansing hula na kasama sa Daniel 2. Lahat ng tiwala ay dapat ilagay dito yayamang karamihan sa hula ay natupad na.

Sa ilang mga bersikulo ng, (ito) ay binalangkas ang kasaysayan ng daigdig simula sa mga panahon ni Daniel hanggang sa kasalukuyan, at hanggang sa haharapin.

Si Daniel na propeta ay dinala sa Babilonia bilang isang bilanggo ni Nebuchadnezzar. Iyang makapangyarihang hari sa Babilaonia ay dinala ang daigdig sa kaniyang mga paanan, at nag-aalala kung ano ang magiging kapalaran ng imperyo na kaniyang itinatag. Inihayag ng Dios ang kasagutan sa pamamagitan ng isang pambihirang panaginip kung saan ang hari ay pinakitaan ng Banal na balak (plano) ng kaniyang kapanahunan.

Gayon man, ay hindi naintindihan ng hari ang panaginip. Kaniyang hinanap ang tulong ng "mga pantas na tao ng Babilonia", at hinging sapilitan komo katibayan ng kanilang kakayahan upang tamang ipaliwanag ito, na kanilang sabihin muna sa kaniya ang panaginip at pagkatapos linawin ito. Mangyari pa, sila ay di kayang gawin ito, at sa kaniyang galit at kabiguan, ang hari ay nagpalabas ng isang makaharing kautusan laban sa kanila, binabalaan silang patayin kung hindi nila maibunyag ang ninanais na impormasyon sa loob ng isang takdang panahon.

Si Daniel ay kabilang doon sa mga nasasangkot sa makaharing kagustuhang ito. Ginawa niya ang kaniyang suliranin ay isang bagay na kailangan ay panalangin. Ang Dios ng Israel ay sinagot siya, ibinunyag ang panaginip sa propeta, at isinawalat sa kaniya ang kahulugan.

Armado o handa ng ganitong kaalaman, si Daniel ay humiling ng pakikipagkita sa hari, at isinawalat sa kaniya ang ninanais na kaalaman.

"Ikaw, o hari, nakakita, at narito, ang isang malaking larawan.. Ang larawang ito na makapangyarihan,at ang kaniyang kakinangan ay mainam, ay tumayo sa harap mo; at ang anyo niya'oy kakilakilabot. Tungkol sa larawang ito, ang kaniyang ulo ay dalisay na ginto, ang kaniyang dibdib ay at kaniyang bisig ay pilak, ang kaniyang tiyan at ang kaniyang hita ay tanso. Ang kaniyang binti ay bakal, ang kaniyang paa'y isang bahagi ay bakal at isang bahagi ay putik na luto.Iyong tinitignan hanggang sa may natibag na bato, hindi ng mga kamay, na tumama sa larawan sa kaniyang mga paang bakal at putik na luto, at ang mga yao'y binasag. Nang magkagayoy ang bakal putik na luto, ang tanso, ang pilak, at nag ginto ay nagkaputolputol na magkakasama, at naging parang dayami sa mga giikan sa tag–araw; at tinangay ng hangin na walang dakong kasumpungan sa mga yaon: at ang mga bato na tumama sa larawan ay naging malaking bundok, at pinuno ang buong lupa" (Dan. 2:31-35*)*.

Ito ang panaginip, samantalang ang hari ay biglang humanga. Nagpatuloy si Daniel sa pag bibigay ng kahulugan. Kaniyang ipinakita na ang apat namagkakaibang metal ng larawan ay kumakatawan sa apat na imperyo ng daigdig na lilitaw: ang sampung mga daliri ay kumakatawan sa iba't-ibang klaseng mga bansa na papalit sa apat na imperyo; at ang bato ay humampas sa larawan at lubusang sumira at pinalitan ito, ay kumakatawan sa Kaharian ng Dios na siyang itatayo sa ibabaw ng daigdig na lulupigin ang kaharian ng mga tao.

Ito ang pagpapakahulugan ni Daniel:

"Ikaw, Oh hari, ay hari ng mga hari,na pinagbigyan ng Dios sa langit ng kaharian, ng kapangyarihan, at ng kasalanan, at ng kaluwalhatian;..at pinapagpuno ka sa kanilang lahat. IKAW ANG ULO NA GINTO. At pagkatapos mo ay babangon ang "ibang kaharian na tanso na mamumuno sa buong lupa. At ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang bakal, palibhasa'y ang bakal ay nakakadurog at nakakapagpasuko ng lahat ng bagay; at kung paanong dinidikdik ng bakal ang lahat ng ito, siya'y magkakaputol-putol at madidikdik… At yamang iyong nakita na ang paa at ang mga daliri, ang isang bahagi ay putik na luto ng magpapalyok, at ang isang bahagi ay bakal, ay magiging kahariang hati;

ngunit magkakroon yaon ng kalakasan ng bakal, yamang iyong nakita na nang bakal ay nahahalo sa putik na luto. At kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay putik, magkakagayon ang kaharian na ang isang bahagi ay matibay, at ang isang bahagi ay marupok. At yamang iyong nakita na ang bakal ay nahahaluan ng putik na luto, sila'y magkakhalo ng lahi ng mga tao; ngunit sila ay hindi magkakalakipan' gaya ng bakal na hindi lumalakip sa putik. At sa mga kaarawan ng mga haring yaon ay MAGLALAGAY ANG DIOS NG LANGIT NG ISANG KAHARIAN, NA HINDI MAGIGIBA KAILANMAN: o ang kapangyarihan man niyao'y iiwan sa ibang bayan; kundi pagpuputol putulin at lilipulin niya ang lahat na kahariang ito, at yao'y lalagi magpakailanman. Ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung ano ang mangyayari sa haharapin: at ANG PANAGINIP AY TUNAY AT ANG PAGKAPAANINAW NIYAO'Y TAPAT"(Dan.2:37-45)

Sa maigsing pagsaalang-alang ng ganitong hula ay magbubunyag na ito ay binalangkas ang kasaysayan ng daigdig patungosa pagtatayo ng Kaharian ng Dios sa ibabaw ng lupa. Hinulaan nito ang ang pagbangon ng apat sa kapangyarihan sa daigdig kasunod ng isang panahon na ang bawat isa at magkakaaway na mga bansa ay lilitaw bago mangyari ang banal na pakikialam sa pamamagitan ng pagtatayo ng kaharian ng Dios sa daigdig.

Babilonia : Ang Ulo Na Ginto

"Ikaw ang ulong ginto," sinabi ng propeta sa pagbibigay-pakahulugan sa larawang panaginip. Si Nebuchadnezzar ay tumayong isang sagisag ng Babilonia. Siya ay isang may kakayahang heneral na ang pandigmang kabayanihan ang naglagay ng saligan ng isa sa pinaka-maringal na imperyo na nakilala sa sanglibutan. Ang malakas na kapangyarihan ng Asiria ay sumuko sa kaniya; ang maliliit na bansa sa gitnang Silangan: Syria, Lebanon, Moab, Ammon at Israel ay mga nasupil; ang napakatandang kapangyarihan ng Ehipto ay kinikilala ang kaniyang dakilang kapangyarihan. Sa lahat ng dako ng mundo, ang kapangyarihan ng Babilonia ay nangingibabaw.

Sa napakalaking gastos, at pangangalap ng aliping manggagawa buhat sa mga nasakop na mga bansa, itinayong muli at pinatibay ni Nebuchadnezzar ang lungsod ng babilonia. Ang pagyayabang ng hari ay: Hindi baga ito ang dakilang Babilonia, na aking itinayo na pinakatahanang hari sa pamamagitan ng lakas ng aking kapangyarihan, at sa ikaluluwalhati ng aking kapangyarihan, at sa ikaluluwalhati ng aking kamahalan?"(Dan. 4:30).

Ngunit ang sagot ay binigay na ng Banal Na Kasulatan (Biblia). Mahigit na 100 taon bago lumakas ang kapangyarihan si Nebuchadnezzar, ang propeta Isaiah ay nagwika:

"At ang Babilonia,ang kaluwalhatian ng mga kaharian, ang ganda ng kapalaluan ng mga Caldea, ay magiging gaya nang gibain ng Dios ang Sodoma at ang Gommorra!" (Isa. 13:19).

Ang malungkot na pagwasak ng Babilonia ngayon, sa pampang ng Euphrates sa Iraq, ay nagpapatunay sa katotohanan ng mga salitang ito.

Nagsimula ang lakas ni Nebuchadnezzar noong taong 606 B.C., at ang kapangyarihan ng Babylonia ay nagwakas pagkaraan ng 70 taon noong 536 B.C. nang ang lungsod ay nasakop ni Cyrus ng Persia.

Ang gintong ulo ng larawan ay nagbigay daan sa dibdib at mga bisig na pilak!

Medo-Persia: Ang Dibdib At Mga Bisig Na Pilak

Ang Babilonia ay nasakop ng magkasamang hukbo ni Darius ng Media at Cyrus ng Persia, at ang kapangyarihan ng daigdig ay nasalin sa magkasamang kaharian ng Medo-Persia.

Inilarawan ni Daniel ang "dibdib at mga bisig na pilak" na "isa pang mahinang kaharian" na lilitaw.

Ang Persia ay "mababa" kaysa Babilonia sa kayamanan, karangyaan at karilagan nguni't hindi sa buong panahon. Ang imperyo ay nagpatuloy ng 203

taon hanggang ang kapangyarihan ng Griego. Ito ay akmang-akmang kilanlin na pilak, sapagkat ayon kay Herodotus na mananalaysay ang buwis at tulong na ibinababayad sa mga awtoridad ng Persia ay mga tabletang pilak.

Noong taong B.C. 333, sa labanan sa Issus, ang kapangyarihan ng Persia ay winasak ng Dakilang Alexander ng Grecia.

Grecia: Ang Tiyan At Mga Hita Na Tanso

"Ang isa pang ika-tatlong kaharian na tanso ang magdadala ng pamamahala sa buong daigdig," sabi ni Daniel. Sa ganitong mga pangungusap, maliwanag niyang ipinakita sa hari, na ang iba't –ibang mga metal sa larawan ay kumakatawan sa iba't-ibang mga kapangyarihan ng daigdig.

Noong taong 333 B.C., nagbigay daan ang Persia sa Grecia bilang isang makapangyarihan ng daigdig. Ang sandata na ginamit ng kanilang mga sundalo, na, naging dahilan na sila ay tawagin," mga Griegong may pangahas na pahid".

Ang dakilang Alexander ng Macedonia, ay isa sa mga tagumpay na heneral sa kasaysayan. Mabilis niyang napalawak ang kaniyang mga sinakop sabuong daigdig, hangang sa, -ayon sa alamat- "siya ay napayak dahilan sa wala ng mga daigdig, na kaniyang masusupil".

Ngunit ang kaniyang tagumpay ay di nagtagal. Siya ay namatay sa gulang 33, habang siyay nakipaglaban sa Babilonia, pagkaraan na ang kaniyang hukbo ay dumanas ng kakilakilabot na pagdurusa sa isang matinding pagsalakay sa India. Sa kaniyang pagkamatay, ang imperyo ng Grecia ay humina. Ang kaniyang imperyo ay hinati ng kaniyang apat na heneral na nagpatuloy sa pakikipagdigma para sa kanila. At sa wakas bawat isa sa kanila ay nasakop ng isang bagong kapangyarihan na lumitaw sa kanluran: Ang Roma.

Roma : Mga Paang Bakal

"Ang ikaapat na kaharian ay magiging matibay na parang bakal, dudurugin at lulupigin ang lahat ng bagay, "sinabi ni Daniel (Ch.2:40). Ang mga salitang ito ay inilarawan ang kalupitan ng Roma sa kaniyang paglakad bilang na makapangyarihan ng daigdig. Ang kanilang hukbo ay matagumpay na dinala ang lumipad na agila (ang sagisag ng kapangyarihan ng Roma) sa lahat ng dako. Ang Gaul, Espana, Britanya, Europa, Syria, Mesopotamia, Ehipto, lahat ng ito ay sunod – sunod na nasakop.

Sa panahon ni Augustus Ceasar, ang hangganan ng imperyo ay itinuloy sa Rhine at nang siya ay namatay nasakop nito ang lawak na 100 beses na mas malaki kaysa dating Estado.

Ang Roma ay kailanman ay hindi natalo ng isang dayuhang kapangyarihan; ito ay kusang nasisira sa loob. Ito ay ipinakita sa kagila-gilalas na hula ni Daniel. Hindi na siya nagsalita ng iba pang imperyo ng daigdig na hahalili; kaniyang pinahiwatig na magkakaroon ng apat na mga kapangyarihan sa mundo, at susunod ay isang paghahati-hati: ang una ang dalawang parte (ang mga paa ng larawan), at pagkatapos ay sa maraming parte (Ang mga daliri ng larawan).

At ang panahon ay lubusang pinatunayan ang hula. Noong ika-apat na siglo A.D., ang lungsod ng imeryong Romano ay inilipat sa Constantinople buhat sa siyudad ng Roma , ito ay sa silangan ng siyudad ng Roma , bilang tugon sa dalawang paa ng ginto, na nakita sa panaginip sa Daniel 2.

Sinira Ng Roma Ang Jerusalem

Tumulong ang Roma sa pangloloob sa mga nasakop na lungsod at mga bansa . Ito ay naging isang dapong pakainin na umasa sa kanilang mga kalinga. Ang kakapalan nito ay ang nagmartsa sa loob ng Palestina at sinira ang Jerusalem, na katulad ng hula ni Cristo. Kaniyang sinabi:

"At silay (Mga Judio) mangabubuwal sa pamamagitan ng talim ng tabak at dadalhing bihag sa lahat ng bansa; at yuyurakan ang Jerusalem ng mga Gentil, hangan sa matupad ang panahon ng mga Gentil" (Lucas. 21:24)

Sa loob ng A.D. 68, nagsimula ang ang digmaan sa pagitan ng Roma at Judea. Ito'y isang madugong labanan na bawat panig ay hindi nagbigayan. Ang Jerusalem ay nakubkob, at ang siyudad ay nahantong sa kasindak-sindak na kagipitan. Mahigit isang daang libong Judio ang nasawi salagablab ng kaguluhang ito. Noong A.D. 70 ito ay bumagsak at sa katapusan ay masisira ng

mga Romano at ng kaniyang mga tauhan, ang mga Judio ay naging bihag sa lahat ng mga bansa.

Ngunit kailanman ay sila'y di nalipol, kanilang napanatili ang kanilang pagkatao. Ito pati, ay dahilan sa layunin ng Dios. Pansinin ang mga tinakda ni Jesus ang panahon ng pang-aapi sa Jerusalem, at ang pagka watak watak ng kanilang mamamayan, sa pamamagitan ng paggamit ng salitang. "hangang…". Sa panahon ngayon ang mga Judio ay bumalik sa lupang tinubuan pangingibabaw ng mga dayuhan. Sa kauna-unahang pangyayari, pagkalipas ng 2,000 taon, ang mga Judio ay muling naging mga pinuno ng lungsod, nagpapahiwatig na ang panahon ng mga Gentil" ay malapit ng "magkatotoo" o "matupad".

Bakit ang Roma ay pinahintulutang matamo ang pangingibabaw sa mga Judio at Jerusalem?

Sapagkat ang dahilan ay ang kanilang (mga Judio) pagsalungat sa panginoong Jesukristo. Kahit na noong nais ni Pilato na sila ay palayain, iginiit nilang siya ay ipako sa krus at di maka-Dios na sinasabi: "Wala kaming Hari kundi si Ceasar" (John 19:15). "Ang kaniyang dugo ay mapasa-amin at sa aming mga anak" (Mat. 27:25).

Sila'y ibinigay sa kamay ni Ceasar at binayaran ng napakahirap na dugong kaparusahan.

Sila'y nagkamali kay Cristo. Kanilang ninais ang isang Tagpagligtas o Messiah na magliligtas sa kanila mula sa Roma; hindi nila naunawaan na si Cristo ay sa huling araw ay mamumuno sa Jerusalem bilang Hari, at "magsasaway sa mga matibay na bansa" (Micah 4:1-3), dadalhin ang lahat ng bansa mula sa ilalim ng kaniyang kapangyarihan (Isa. 60:12); 2:2-4, Zech. 14:9; Rev. 11:15, kaniya munang pinaglalaanan ng mga paraan upang ang bawat isa ay maligtas. Sa una niyang pagdating , siya ay dudulog bilang "kordero ng Dios" na "mag-aalis ng kasalanan ng sanglibutan" (Juan 1:29). Siya'y muling darating (Gawa 15:16-17; Jer. 23:6-8), at upang itayo ang Kaharian ng Dios sa lupa.

Ang Paglaki Ng Kristiyanismo

Ang Anak ng Dios ay isinilang ng panahong magulo. Siya ay dumating upang iligtas ang kaniyang mga tauhan, nguni't siya ay ipinalagay na isang manghimagsik kaya pinatay.

Gayon pa man, pagkatapos ng tatlong araw, siya ay nabuhay na maguli, at ipinahayag na ang kaniyang sarili ang may hawak ng mga susi ng libingan at ng kamatayan (Rev. 1:18).

Nguni't siya ay di tinanggap ng mga Hudeo, at ito ang naging dahilan ng pag-unlad ng Kristiyanismo. Ito ay hinulaan ni Isaiah:

"Oo kaniyang sinabi, totoong magaan ang bagay na ikaw ay aking lingkod upang ibangon ang mga lipi ni Jacob, at isauli ang iningatan ng Israel, ikaw ay aking ibibigay na pinaka-ilaw sa mga Gentil upang ikaw ay maging aking kaligtasan hanggang sa wakas ng lupa" (Isa. 49:6).

Tinanggihan ng mga Hudeo ang mensahe ng kaligtasan nguni't sabik na sabik namang tinanggap ng mga Gentil, at ang pagtatag ng Kristiyanismo ay nakasalalay sa pangangaral ng mga Apostoles.

Ang Roma Laban sa Kristiyanismo

Ang Roma, lalo na sa panahon ni Nero, ay nagpasiyang magsikap patalsikin ang bagong sektang ito subalit sa halip, ito ang sumakop sa Roma. Ang mga armas ng Imperyo ay pinalawak ang mga hangganan at pahabain ang saklaw ng kaalaman ng tao, at saka ang mahusay na pang-kawal na mga daan ay nagawang madali ang pag-punta sa lahat ng parte ng napaka-lapad na Imperyo. Ang mga daang yaon ay narinig ang pag-mamartsa ng mga hukbo at pati na ang pangangaral ng mga Apostoles na tinatawagan ang mga tao para humiwalay sila sa mga gawain ng mga Gentil at ihandog ang kanilang sarili sa Dios (Gawa 15:14). Kanilang inihayag ang pag-asa sa isang Cristong nabuhay na maguli na muling magbabalik upang sugpuin ang lahat ng pamahalaan at kapangyarihan, at upang manungkulan sa kaniyang tunay na kalagayan bilang hari ng buong daigdig (Gawa 2:30; 3:19-21; Isa.9:7; Zech.14:9), at sa panahong yaon, bubuhayin niyang maguli ang kanyang tapat na mga alagad buhat sa libingan upang manahin ang buhay na walang hanggan (1Cor. 15:20-25; 50-58).

Ang daigdig ay "nabaligtad" dahil sa kapangyarihan ng mensaheng ito (Gawa 17:6). Sa katunayan inihayag na, ang pangangaral ng ebanghelyo ay isang

dahilan ng panghihina ng Roma. Ang mga unang Kristiyano ay mga maingat na tagasalungat; di nila pinapansin ang tawag upang makidigma. Ang ebanghelyo ay naging dahilan upang ibaling ang kanilang atensyon sa paghahanap ng mga bagay ng mundong ito sa paghahanap ng kaligtasan sa pagdating ni Kristo. Ito ay isang sagabal sa pambansang mithiin at mga hangarin, at mananalaysay na si Gibon, ay tinalunton ang tagumpay ng Kristiyanismo na sa isang parte ay dahilan ng pagbagsak ng Roma.

Ngunit sa huli mismong paganismo ang sumakop. Ang hula ni Pablo ay natupad sapagkat kaniyang hinulaan ang paglitaw ng mga manlilinlang na mangangaral (Gawa 20:29-31) at pagtalikod sa relihiyon (1 Tim.4:1-3; 2Tim. 4:1-4). Nagbigay daan ang Kristiyanismo sa isang hati-hati at magkakaaway na sambahayang Kristiyano sinira o pinasama ang dating pananampalatayang Apostoliko. Hindi Kristiyanong mga pangaral o doktrina (katulad ng walang kamatayang kaluluwa, tatlong persona sa isang Dios, at iba pa) ay ipinaibabaw Sa katotohanan, at ang dalawang pangunahing lungsod ng Imperyo- ang Roma at Constantinople – ay naging punong tanggapan ng Griego at katolikong Romanong mga pamamalakad na pinaghati pansambahan ng Imperyo katulad ng mahati ito ng pampulitikang patakaran.

Kaya ang Imperyo ay naghiwalay sa kaniyang kanluran at silangan na mga pangkat, na palatandaan ng dalawang bakal sa larawng panaginip na ini-rekord sa Dan.2. Ang hula ay maliwanag at tamang-tama na hinulaan ang pagdaraanan ng kasaysayan na tao.

Hati-Hating Europa: Ang Mga Daliring Bakal At Putik

Samantala, maraming hindi sibilisadong tao buhat sa silangan, ay malakas nagpupumilit pumasok sa hilagang mga hangganan ng Imperyo ng Romano. Ang iba ay nakapasok sa loob; ang iba naman ay dinaan ang pagpasok sa pamamgitan ng sandata. Noong 476 A.D. Ang Roma ay sinakop ng Odoacer, Hari ng Heruli. Ngunit ang Imperyo sa gayong kalagayan, kailanman ay di nalupig; ito ay hindi nagsama-sama. Naging hati-hati ito sa pamamagitan ng mga pangkat-pangkat at sa paglipas ng panahon, sampung mga bansa – na kasagutan ng sampung daliri ng larawan ay nag-away-away sa ibabaw ng Bangkay ng Imperyo at ilagay ang saligan para sa makabagong Europa.

Ang pagka-papa ay lumitaw upang buuin ang mga nagsasariling mga bansa sa pamamagitanng relihiyon at sandatang lakas, kaya ang santong Romanong Imperyo ay itinatag sa kanluran. Datapuwa't sa pampulitikang kalagayan, ang dating Imperyo ay pinalitan ng maraming naglalaban-laban na maliliit na bansa, nagsasarili sa bawat isa, ang iba ay malakas at ang iba ay mahina. Ito ay tumutukoy sa mga kailangan sa Daniel 2.

"At kung paanong ang mga daliri ng paa ay bakal ang isang bahagi at ang isang bahagi ay putik, magkakaroon ang kaharian na ang isang bahag iay matibay , at ang isa ay marupok . At yamang iyong nakita ang mga bakal ay nahahaluan ng putik na luto, sila'y magkakahalo ng lahi ng tao; ngunit hindi sila magkakalakipan, gaya ng mga bakal na hindi lumakip sa putik".

"Bakal at Putik": Imperyalismo at Kumonismo: "iisang parte na matibay, isang parte na nadurog": ang iba ay makapangyarihan o malakas, ang iba ay mahina; "hindi lumakip o humalo": isang lansag na hatihating kalagayan ng mga bansa.

Ito ay mga kailangan ng Hula at ang mga ito ay nangyayari na sa mga kalagayan ng daigdig ngayon.

Simula nang ang Imperyong Roma ay nasira, wala pang kapangyarihan ang lumitaw na may malakas na maaring pag-isahin ang magkakaibang mga bansa sa Europa upang maging isang malakas, na nagkakaisang kapangyarihan. Ang lupalop ay nananatiling hindi magkakasundo, na may mga bansang malakas at ang mga iba ay mahina. Mga ilan ay nagtangka na muling buhayin ang Imperyong Romano, ngunit lahat ay nabigo. Ang dakilang si Federico, Napoleon, Hitler, Mussolini, ay nakita ng bala na ang kanilang mithiin, ngunit ang tadhana ay laban sa kanila. Ang mga iba ay nagtangka upang magkaisa, sa pamamagitan ng mga samahang katulad ng Liga ng Bansa (League of Nations), at ang Samahan Ng Nagkakaisang Mga Bansa (United Nations), ngunit kabiguan din ang nangyari sa mga pagsisikap na ito.

Ang Hula sa Daniel 2 ay Lubos na napatunayan sa 2,500 mga taon ng kasaysayan. Kaniyang hinulaan ang paglitaw ng apat na napakalaking Imperyo ng daigdig, tulad ng Babilonia, Persia, Grecia at Roma at pagkatapos ay tamang-

tama na ipinakita na, ang mga ito ay hahalinhan ng ilang bilang ng mga nagsasarili at magkaaway na mga bansa.

Ang pambihirang katuparan ng kaniyang hula ay ipinakita na ang buong pagtitwala ay dapat ibigay sa mga hula ng Biblia at talagang kanilang ibinunyag ang hugis ng mga bagay na darating. Ang Biblia ay binubuo ng liwanag ng katotohanan at dakilang pagbubunyag sa gitna ng kadiliman ng pag-iisip ng tao at kautusan. Kaligtasan ng bawat isa ay pinangako sa mga pahina, para sa lahat na tanggapin ang mga katotohanan at sundin ang mga inutos ng Panginoong JesuCristo (tingnan sa Marcos 16:16)

Pangkalipunang Ruso: Ang Nagkaisang Larawan

Samantala, habang nakikinig ang haring Nebuchadnezzar sa mga salita ng propeta, at naala-ala ang kaniyang panaginip ng larawng mandirigma (Dan.2:31) kaniyang nalaman kaagad ang pagdaraanan ng kasaysayan ng daigdig. Nakita niya ang ulong ginto, ang kabantugan ng Babilonia; sa dibdib at mga bisig na pilak, ang lakas ng Imperyong Persia na nahalili dito; sa tiyan at mga hita na tanso, isang pagtukoy sa mabilis na mga pagsakop ng Imperyo ng Grecia, sa mga binti ng bakal, ang malupit na kapangyarihan ng Roma; sa mga paa't daliring bakal at putik na luto, ang hati-hating bansa ng makabagong Europa.

Datapuwa't bukod dito, nakita niya ang larawan na nakatindig sa kaniyang paa bilang isang nagkaka-isang buo, at hanggan nasaksihang isang "bato" hindi ng mga kamay ang "natibag buhat sa bundok" na "tumama sa larawan sa kaniyang mga paa" na naging dahilan na ang mataas at mabigat na anyo ay bumagsak at nabasag ng putol-putol. Pagkatapos ang bato na lumaki ay dinurog at pinulbos ang mga metal ng larawan na tinangay ng hangin palayo, ang batong ito ay naging isang malaking bundok at pinuno ang buong lupa (Dan. 2:34-35,45).

SA pagtatala ng mga bagay na ito, sinabi ni Daniel sa hari na "ang Dakilang Dios ay pinaalam sa hari kung ano ang mangyayari sa haharapin" (v. 45) "sa mga huling araw" (v.28).

Papaano ang larawan ay magkakasama at titindig sa sariling mga paa?

Dahil lamang sa pang–kalipunang samahan ng bawat parte ng larawan na sa kasalukuyan ay magkakaaway; iyan ay, sa pamamagitan ng pagsama-sama ng iba't-ibang bansa na sa kasalukuyan ay namamalagi sa lupain na nasakop ng larawan.

Paano ito gagawin?

Ang hula ay inihayag na gagawin ito ng Russia. Pasusukuin ng Russia ang Turkey at isasama ang Persia sa ilalim ng kanyang kapangyarihan, Kaniyang paabutin ang kaniyang kapangyarihan pakanluran, hanggang ang lahat ng Europa ay yuyukod sa kaniyang harapan katulad ng ginawa ng mga bansa nasa likuran ng Tabing na Bakal. Sa pamamagitan ng damayan pagbibigayan, ang Roma at Russia ay darating sa pagkakasundo, at mangyayari na ang larawan ay muling titindig sa kaniyang mga paa.

Ipinakita sa Ezekiel 38 na ang Russia ay pinag-iisahin ang lahat ng pangkasalukuyan kapangyarihan na makikita sa lupain na kumakatawan sa larawan, upang maging isang dakilang kalipunang paghukbo tungo sa pagdudumina sa daigdig. Sinabi sa hula ang malakas na kapangyarihang ito "buhat sa hilaga" (Ezekiel 38 :15), at masasangkot "ang lahat ng mga bansa, sa digmaan (Zech. 14:1). Ang Gitnang Silangan sa gayon ay magiging larangan ng digmaan ng mga bansa, ngunit ang labanan ay malulutas alinsunod sa kaluwalhatian ng Dios at sang-ayon sa kapurihan ng Panginoong JesuCristo.

Samantala, ang kasalukuyang pakana ng Russia sa Gitnang Silangan, ay ang pagpapahaba ng kaniyang kapangyarihan na tagos sa loob ng kanlurang Europa, at ang mapait at walang tigil na pagsalungat na kaniyang ipinakikita tungkol sa mundong ang mga tao'y nagsasalita ng Inglis, ay mga dayami ng hangin na ipinakikita na ang mga hulang ito ay malapit ng matupad. Lahat ay nangyayari ayon sa mga hula ng Biblia at siyang inaasam-asam ng kaniyang mga mag-aaral at nalagay sa kasulatan ng mahigit ng 100 taon.

Ang Kaharian Ng Dios: Ang Bato

Na Naging Isang Bundok

Ngunit ang Russia ay mabibigo sa kaniyang pagsalakay sa Jerusalem at sa Gitnang Silangan sapagkat ang kaniyang layunin ay salungat sa hangarin ng Dios. Hindi niya binalak upang ang makabagong paglakas ng Israel ay kuhanin ng Russia. Ang pagbabalik ng Judio sa sariling lupa ay paghahanda para sa pagtatag ng Kaharian ng Dios sa pamamahala si Cristong Hari. Pahihintulutan lamang ang Russia na masangkot laban sa Gitnang Silangan upang hamakin ang mga taong Judio at pilitin sila na humingi ng tulong sa Dios at kay Cristo na kanilang (mga Judio) hindi pinansin at tinutulan ng napakatagal (Jer. 30:4-9; Ezek. 37:21-22).

Ang Russia ay mabibigo dahilan a ibinunyag sa larawang hula sa Daniel 2. Ang Hari, sa kaniyang panaginip, ay nakakita ng isang bato "natibag sa bundok, hindi ng mga kamay" (v. 45) na tumama sa larawan sa kaniyang paa, at ito ay binasag. Sumunod ang bato mismo ay naging isang bundok, at "pinuno ang buong lupa" (v. 35).

Ang batong ito ay kumakatawan sa Kaharian ng Dios, na sinabi ng Daniel sa hari. Ito ay "natibag sa bundok, hindi ng mga kamay" o di ng tao, sapagkat ang simula ng kaharian ay sa pamamagitan ng Banal ng kaparaanan.

Ay simula ang si Cristong Hari at ang mangangasiwa mga kasama niya. Ang mga huli ay yaong mga tumatanggap ng Banal na katotohanan at masunurin sa Banal na utos. Ang kanilang kapalaran ay sila ay mababuhay na maguli na walang kasiraan (1 Cor. 15:51-58), at mamamahala na kasama ni Cristo sa ibabaw ng lupa, (v. 22-25). Sila ay inilarawan na nagsasabi ng:

"Ikaw ay pinatay at binili mo sa Dios ng iyong dugo ang mga tao sa bawat angkan , at wika, at bayan , at bansa: At kamiy iyong ginawang kaharian at saserdote sa aming Dios: at KAMI AY MAGHAHARI SA IBABAW NG LUPA" (Rev. 5:9-10)

Isa pa:

Mapalad at Banal ang makalakip sa unang pagkabuhay na maguli; sa mga ito'y walang kapangyarihan ang ikalawang kamatayan; kundi sila'y magiging mga saserdote ng Dios at ni Cristo, at maghaharing kasama niya sa loob ng isang libong taon" (Rev. 20:4-6).

Ang bato ay kumakatawan na sumira sa larawan at naging isang malaking bundok na pinunu ang buong lupa sapagkat ang Kaharian ng Dios maitatayo lamang sa pamamagitan ng paggamit ng Banal na Kapangyarihan. Ang pagbabalik ni Cristo bilang Leon ng Dios (Rev. 5:5), upang magpatunay sa Banal na Kapangyarihan sa pagsugpo ng bansa. Ang Banal na Kasulatan ay nagpahayag_:

"At sa katuwiran siyay humabol at nakikibaka" (Rev. 19:11).

"Kaniyang ipahahamak silang mga nagpapahamak ng lupa" (Rev. 11:18)

"Ang kaharian ng sanglibutan ay naging sa ating Panginoon at sa kaniyang Cristo, at siya'y maghahari magpakailan man" (Rev. 11:15)

"Ang bansa at kaharian na hindi magliling kod sa iyo ay mamamatay; Oo, ang mga bansang yaon malilipol na lubos" (Isa. 60:12).

"Oo, lahat ng mga hari magsisiyuko sa harap niya; lahat ng mga bansa ay maglilingkod sa kanya" (Psa. 72:11).

"Ang Panginoon Jesus ay ihahayag sa langit na kasama ang mga anghel ng kaniyang kapangyarihan na naas nagniningas na apoy na maghihiganti sa hindinagsisikilala sa Dios at sa kanila na hindi nagsistalima sa Ebangelio ng ating Panginoong Jesus" (2 Tes. 1:7-8).

"Sapagkat siya'y nagtakda ng isang araw ng kaniyang paghuhukom sa sanglibutan ayon sa katuwiran sa pamamagitan ng lalaking kaniyang itinalaga; na ito'y pinatunayan niya sa lahat ng mga tao, nang Buhayin niyang Maguli sa mga patay" (Gawa 17:31).

"Ang Panginoo'y magiging Hari sa buong lupa"(Zech. 14:9)

At ngayon ay unawain ang kay Daniel na pagpapakahulugan sa "bato" na humampas sa larawan:

"At sa mga kaarawan ng mga haring yaon (hati-hating Europa) ay maglalagay ang Dios ng kalangitan ng isa ng kaharian na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man niya'y iiwan sa ibang bayan; kungdi pag-puputol-putulin at lilipulin niya ang lahat ng kapangyarihang ito, at yao'y lalagi magpakilanman; Yamang iyong nakita na ang isang bato ay natibag sa bundok….at pumutol ng mga bakal, ng tanso, ng putik, ng pilak, at ng ginto;

ipinaalam ng dakilang Dios sa hari kung ano ang mangyayari sa haharapin; at ang panaginip ay tunay at ang pagkapaaninaw niya'oy tapat" (Dan. 2:44-45).

Ito ang maliwanag, at tiyak na pagpapahayag na layunin ng Dios na bumuo ng isang sagot sa pakahulugan ng Biblia. Kinakailangan ang pagharap, kitang pagbabalik ng Panginoong Jesus sa lupa (Gawa1:11; 3:19-20; Rev. 1:7; 22:12) at ang pagtatatag sa ibabaw niyon ng isang Banal na Kaharian na magdadala ng ganap na katapusan sa pamumuno ng tao.

Ang maliwanag na pahayag na ito ng Banal na Kasulatan ay ipinangako ang isang kanais-nais na masayang katapusan kaysa sa kasalukuyang makasalanang kalagayan. Nagdulot ito ng nakasisiyang paglutas sa pagsama ng kaugalian at iba pang malinaw na masamang nangyayari sa kasalukuyang daigdig, samantalang sa ganito ring pagkakataon binibigyan ang may pananampalatayang mga lalake at babae ng pampasigla upang sumunod kay Cristo.

Ito ang pag-asa sa hinaharap, kung saan ang daigdig ay sasapit sa wakas, at tutungo sa dako na ang isang mag-aaral ng Biblia ay matutuwang pagmasdan. Ang kaalaman ng mga bagay na ito ay mag-papasagana ng iyong buhay, at bibiyayaan ang iyong mga anak ng pangkaluluwang pamana na magdudulot sa lahat ng pamilya na tingnan sa kabila ng tabing na bakal ang kaguluhan na pinalilibutan ang karamihan sa mga tao ngayon tuloy sa hangaring banal na kaluwalhatian sa paghahari ni Cristo buhat sa Jerusalem sa ibabaw ng isang mapayapang daigdig (Jer. 3:17) Sa ibang banda sinabi ni Daniel:

"Ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kadakilaan ng mga kaharian sa silong ng buong langit, mabibigay sa bayan ng mga banal na kataas-taasan: ang kaniyang kaharian ay walang hanggang kaharian, at ang lahat ng kapangyarihan ay maglilingkod at tatalima sa kaniya"(Dan. 7:27).

Dito muli, ang isang maliwanag na pagpapahayag ng Banal na hangarin. At masdan, na ang kaharian ay sumasaklaw sa "lahat na nasa silong ng langit" o sa ibang salita ay, sa ibabaw ng lupa; Mapapalad ang maamo, sabi ni Cristo sapagkat mamanahin nila ang lupa" (Matt.5:5). Ang maamo ay sila yaong, "tumatanggap na may kaamuan sa salitang itinanim, na makapagliligtas ng kanilang kaluluwa" (Santiago 1:21). Kanilang "sinaliksik ang Banal na Kasulatan ng pagkukusa" upang tingnan kung ang mga bagay na ito ay tunay, at nang kanilang malaman na tama ito, sila'y "naniwala" at isinagawa (Gawa 17:11).

Kaya sa katotohanan, katapatan at kaalaman ay kanilang sinambit ang panalangin ng Panginoon "Mapasa-amin ang kaharian mo, upang sundin ang loob mo dito sa lupa para ng sa langit".

Ang mga kalagayan na mananatili sa ibabaw ng lupa sa panahong yaon ay hinulaan sa mga salita ni Isaiah 2:2-4,:

"At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng buhay ng Panginoon ay matatatag (isang sambahang Templo sa Jerusalem)…. at lahat na bansa ay magsisiparoon doon. At maraming bayan ay magsisiyaon at mangagsasabi: Halina kayo, at tayo'y magsiahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Dios ni Jacob; at tuturuan niya tayo ng kaniyang mga daan' at tayo'y magsisilakad sa kaniyang mga landas; sapagkat mula sa Sion ay lalabas ang kautusan, at ang salita ng Panginoon ay mula sa Jerusalem; at siya'y hahatol sa gitna ng mga bansa, at sasaway sa maraming tao; at kanilang pupukpukin ang kanilang mga tabak upang maging mga suyod at ang kanilang mga sibat ay magiging mga karit; ang bansa ay hindi magtataas ng tabak laban sa bansa o mangag-aaral pa man sila ng pakikipag-digma."

Pag-isip-isipin ang kalagayan ng mga bagay na inilalarawan sa itaas: isang nagkakaisang pananampalataya; mga taong nakaunawa ng Salita ng Dios at nabubuhay sa kabanalan; mga bansa na sumasa-ilalim sa Banal na Kautusan; ganap na kapayapaan upang palitan ang kagalitan at patayan na nangyayari ngayon!

Isang naiibang daigdig; isang bagong kaayusan ng mundo sa ikaluluwalhati ng Dios at kabutihan ng tao.

Iyan ang tadhana na mangyayari sa daigdig na nasa pagpapala ng Dios; at ikaw ay maaaring isa sa mga kasali sa loob kapag hinanap mo ang kalooban ng Dios.

Ano Ang Ibig Sabihin Nito Sa Atin?

Sa pagsasaalang-alang sa hula ni Daniel ay mapapatunayan na ang pagdaraanan ng kasaysayan ay ipakikita ang isang Banal na hangarin, iyan ay

ang pagdadala sa sangkatauhan, dahan-dahan ngunit tiyak sa bahagi kung saan ang Dios ay makikialam sa mga mangyayari sa daigdig, upang itayo ang kaniyang Kaharian sa ibabaw ng lupa.

Kalakip ng katuparang ito ay isang hamon sa bawat isa sa atin. Mabuting malaman na ang Dios ay mayroong isang balak para sa daigdig at sa takdang panahon Siya ay kikilos upang itatag ang Kaniyang layunin at alisin sa daigdig ang kasalukuyang kasama; isang kaaliwan na malaman na ang matalinong pamamahala ng Dios na hahantong sa “Kaluwalhatian ng Dios sa Kaitaas-taasan, at sa lupa ay kapayapaan sa mga taong may mabuting kalooban “, ngunit yaon ay hindi garantiya o panagot na tayo ay masasama doon. Kung ating nanaisin na tamasahin ang mga kapakinabangan sa panahong yaon dapat tayo ay kumilos na ngayon.

Sinabi ni Pablo na ang Ebanghelyo ay kapangyarihan ng Dios sa kaligtasan ng lahat na sumasampalataya” (Rom.1:16); at inatasan ang mga Apostol ni Jesus na “magsiyaon kayo sa Buong sanglibutan, at inyong ipangaral ang ebanghelyo; ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas” (Mark 16:15-16).

Upang maniwala sa ebanghelyo, dapat nating maintindihan ang Biblia. Ngunit yaon ay hindi madali tulad ng unang akala natin. Mayroon napakaraming ibat-ibang relihiyon, bawat isa‘y nag-aangkin na nagpapahayag ng katotohanan, ang iba ay nawawalan na ng pag-asa na matamo ito. Iyan ang hamon na bawat isa sa atin ay haharapin. Kung ang kaligtasan ay lubhang mahalagang makamit, ito ay nararapat na hanapin at iyan ang dapat gawin ng bawat isa sa atin. Kung tayo ay biglang magkasakit ng malubha at nanganganib ang buhay, hindi tayo mag-aatubili upang humanap ng mabisang lunas. Bawat isa sa atin ay mayroong malubhang karamdaman: kamatayan! Kailangan natin na hanapin ang isang lunas. Ito’y makikita lamang sa isang lugar, at dapat nating saliksikin ng may sariling pag-iisip ang mga pahina ng Biblia para makamtan ang kaalaman ng Kalooban at Hangarin ng Dios, upang baka sakali na tayo‘y sumunod at tanggapin ito.

Sa gayong layunin, inihahandog namin ang mga paglilingkod. Naniniwala kami na maaari namin ilagay sa inyong harapan ang sagot na madaling unawain na makakatulong sa inyo upang masmabuting maintindihan ang Biblia, at kayo’y magiging sariling tagapag-salin ng kaniyang kasiya-siyang mensahe., Malaking katuwaan namin na matulungan kayo tungkol sa bagay na yaon at nagmumungkahi na kayo ay sumulat sa amin sa direksyon na nakalagay sa likod ng libritong ito upang matulungan namin kayo sa gayong layunin; walang salaping sagutin na kasama sa pag-aalok na ito; walang katiting na ibabayad o abuloy na babayaran. Ang kailangan lang namin ay kaunting oras ninyo, upang ipakita sa inyo ang iba pang mahahalagang mga himala sa mga hula ng Biblia, at ilagay sa harap ninyo ang simpleng mensahe ng Ebanghelyong umaagos na katulad ng isang gintong diwa ng Katotohanan buhat sa simula hanggang sa wakas ng Banal na Kasulatan.

Hindi ba mahalaga ang buhay na walang hanggan sa kaunting sandali ng iyong panahon (o buhay), ngayon?

Pina-paalahanan naming kayong muli: Ang panahon ay mahalaga; ang mga suliranin ay kailangang-kailangang harapin; utang mo ito sa sarili mo at sa inyong pamilya upang hanapin ang tamang daan patungo sa Dios.